


# National Health Insurance - Proteksyon para sa inyo at sa inyong pamilya



Walang makapagsasabi na sa tanang buhay natin ay hindi tayo magkakasakit o magpapagamot sa ospital. Para sa gastusing medikal ang National Health Insurance ay malaki ang maitutulong sa ating pamumuhay.

## “Social or National insurance” covers most of medical expenses at hospital

Lahat ng naninirahan sa Japan ay maaring mag-enroll sa public health insurance system, bayaran lamang ang buwanang premiums. At kung kayo ay naka-enroll at nagpagamot sa ospital ang babayaran ninyo ay 30% lamang ng buong kabayaran. Ang sistemang ito ay para masuportahan ang bawat isa na nagbabayad sa Public Health Insurance. Kung hindi naka-enroll sa health insurance at nagkasakit ng malubha ay maaring hindi ninyo mabayaran ang buong halaga ng medikal na gastusin.

May dalawang uri ng sistema ng insurance dito sa Japan: “Social Insurance o Employees Insurance system” para sa mga empleado ng mga kompanya; at “National Insurance system” para sa mga hindi pwedeng mag-enroll sa Social Insurance System. Kung ang head ng pamilya ay naka-enroll sa public health insurance, ang iba pang miyembro ng pamilya ay kasali. (Subalit kung parehong nagtatrabaho, maaring silang sumapi sa magkaibang uri ng insurance)



## Ingatan ang inyong Insurance card, ito ay magsisilbing ID

Maari kayong mag-apply para sa National Health Insurance sa city hall (Para sa Social Insurance mag-apply sa inyong upisina.) Kung may problema kayo kagaya ng pagbayad ng premiums, magkunsulta lamang sa personnel in charge sa city hall. Kung hindi ninyo nabayaran ang premiums ng mahigit isang taon, babayaran ninyo ang buong halaga o 100% sa ospital. At kung may pagbabago kagaya ng pag-aasawa, pagkakaroon ng anak, o paglilipat sa ibang bayan, pag-enroll sa social insurance, o pagtanggap ng sustento sa gobierno, dapat i-report sa city hall.

Kung kayo ay naaksidente at hindi kayo ang may kasalanan, ang kalimitan ay ang may sala ang aako sa kabayaran sa inyong pagpapagamot. Maari kayong magpagamot gamit ang inyong health insurance at ang inyong nagastos ay babayaran ng naka-aksidente. Ipinapayo din na magkunsulta sa city hall at dalahin ang kasulatan tungkol sa aksidente galing sa polisya, *inkan*, at insurance card. Subalit kung naayos sa pag-uusap at tumanggap ng kabayaran, kung magpagamot man gamit ang insurance card hind na ito babayaran pa ng naka-aksidente.

Kung ang buwanang medikal na gastusin (maliban sa gastos sa pagkain, bayad ng kwarto sa ospital, damit at kagamitan ng pasyente) ng isang kasapi sa insurance ay sumobra sa nakatakdang halaga, i-report sa tax office at mag-apply para ang sobrang binayaran ay maibalik.

Dito sa Japan, ang health insurance card ay isang balidong ID card; kaya huwag ipagkatiwala sa iba pang tao. (Ulat ni Ms. Miho Maeda)

[www.ficec.jp/foreign/](http://www.ficec.jp/foreign/)

●I-check ang bagong adress ng upisina ng FICEC sa huling pahina ng newsletter.

### Mga serbisyo ng National Health Insurance

- Babayaran ang sobrang halaga pag humigit sa inyong nakatakandang binabayaranang halaga.
- Makakatanggap kayo ng alowans kapag kayo ay nagkaroon ng anak o di kaya pumanaw.
- Kung kayo ay bibiyahe, makakakuha kayo ng diskwento sa public hotels, public inns at

super-sentou(public big bath).

- Makakahiram kayo para sa gastusin sa panganaganak o kaya sa pagpapagamot.
- Kung kayo ay mahigit 30 anyos, makaka-diskwento sa kumpletong medical checkup para sa prebensyons sa pagkakasakit.

### Trabaho para sa mga dayuhan dumarami na.

May malaking pagbabago sa mga trabaho ng mga dayuhang residente. Dati, ang mga nagtapos sa 4 na taong kurso sa universidad lamang ang maaaring magtrabaho sa Japan, ngayon, sinumang nagtapos sa vocational school ay tinatanggap na. Matapos ang kalamidad noong Marso, maraming mag-aaral ng vocational school ay bumalik sa kanilang bansa. Marami ay hindi nakapag-aply ng re-entry permit. Subalit maaaring magtrabaho na muli kahit mayroon lang silang vocational school license at magaply para sa work visa.

### Mga paalala ngayong tag-init

Ngayong bakasyon, dapat magtipid sa kuryente. Nandito na ang mainit na tag-araw. Ilagay ang air conditioner sa 28 degrees. Para maiwasan ang heatstroke, heto ang ilang paalala.

- 1 Iwasan ang matagal na pagbibilad sa araw.
- 2 Maging maingat sa mainit at maalinsangang panaho. Sa pagtaas ng temperature, mas doble ang panganib.
- 3 Uminom ng maraming tubig kung kayo ay nag-ehersisyo o nagtatrabaho.
- 4 Uminom ng maraming tubig kahit nagpapahinga lang sa kuwarto.
- 5 Mag-ingat din kung kayo ay nasa loob ng sasakyan.

### Impormasyon sa child support allowance

- Kosodate Shienka of Fujimino City

Nagpapadala ng abiso sa mga taong tumatanggap ng child support allowans sa Hulyo.

- Kosodate Shienka of Fujimino City

Para sa sinumang hiwalay ang magulang, namatayan ng magulang o kaya'y nawawala, may kapansanan ang magulang, ang magulang ay nakakulong, sinumang walang asawa pero may anak, o sinumang inabandona ng mahigit isang taon na, mas magandang mag-aply para sa suporta sa bata sa munisipyo.

### Libreng konsultasyon na may interpreter sa city office.

- Ang pagkonsulta sa sariling wika na may taga-interpret sa pamamagitan ng cell phone ay sinimulan na sa ibang mga city halls.
- Ang serbisyong ito gamit ang fixed at mobile phones na may tagasalin ay sinimulan na sa mga city halls ng Higashi-matsuyama, Warabi, Misato, Namegawa, at 10 lugar sa Saitama City Magtanong at gamitin ang serbisyong ito.
- Lengguahe : Chinese, English, Tagalog, Portuguese, at Espanyol.
- Ito ay libre

### Mag-aral tayo ngayong bakasyon

Sa **international children club**, ngayong bakasyon, maaaring mag-aral, mag-drawing, mag-aral ng calligraphy at mag-aral ng Nihonggo.

Kailan: Hulyo 23 - Agosto 30

Oras: Tuwing Huwebes 1:00n.h.- 3:00 n.h.

Tuwing Sabado 10:00n.u. - 12:00 ng tanghali

Saan: Fujimino International Culture Exchange Center

Bayad: Libre

[www.ficcc.jp/living/](http://www.ficcc.jp/living/)

● Tingnan din ang “Libreta para sa mapayapang pamumuhay sa Japan nakasalin sa 6 na wika.”